Hindi ako mag-iiwan matapos ko ng isang tukso na higit na mapinsala sa mga lalaki kaysa sa mga babae."}

Ayon kay Usāmah bin Zayd (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Hindi ako mag-iiwan matapos ko ng isang tukso na higit na mapinsala sa mga lalaki kaysa sa mga babae."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay hindi mag-iiwan matapos niya ng isang pagsubok at isang pagsusulit na higit na mapinsala sa mga lalaki kaysa sa mga babae. Kung ang babae ay kabilang sa mag-anak niya, maaaring may mangyari sa kanya na pagsubaybay dito kaugnay sa pagsalungat sa Batas ng Islām. Kung ito naman ay isang babaing estranghera sa kanya, [ang pagsubok ay] ang pakikihalubilo niya, ang pakikipagsarilihan niya rito, at ang inireresulta roon na mga katiwalian.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5830

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee